PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Week 1
## Pananagutang Pansarili at Pangyayari



SUPPORT MATERIAL PARA SA INDEPENDENT LEARNINGENGAGEMENT

Isang Pinagsamang Proyekto ng
DIBISYON NG LUNGSOD NG DIPOLOG
at ang
Pamahalaan sa Lungsod ng Dipolog

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ika-anim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 1 Week 1: Pananagutang Pansarili at Pangyayari**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Helen A. Tulang | |
| **Editor:** | Helen A. Tulang | |
| **Tagasuri:** | Arsenia C. Zamoras Name | |
| **Tagaguhit:** | Helen A. Tulang | |
| **Tagalapat:** | Evelyn P. Alabastro | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph




## Alamin:

**Ano ang inaasahan mo sa modyul na ito?**

Sa pag-araw-araw na pamumuhay, ikaw ay nangangailangang gumawa ng pasiya. Ang pagbuo ng pasiya ay isang gawain na dapat ay pinag-iisipang mabuti. Hindi dapat pabiglabigla lalo na kung tungkol sa isang mahalagang bagay. Sa panahong nahihirapan ka sa mga sitwasyong kailangang pagpasyahan, mag-isip ng mabubuting bagay. Kailangang gumamit ng mapanuring pang-iisip sa mga pagkakataong ganito.Makatutulong din kung magagamit ang mga hakbang sa mahusay na pagbuo ng pasiya. Kinikailangan din na maintindihan mo ang bunga ng iyong pasiya para sa iyong sarili at sa ibang tao.

Pagkatapos mabasa at mapag-aralan ang modyul na ito ikaw ay inaasahang:

**Nakapagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sasarili at pangyayari**



## Subukin:

**Panuto: Basahing mabuti ang katanungan at piliin ang wastong sagot.**

1. Alin sa mga sumusunod ang nararapat gawin kapag may humihingi ng pagkain?
    a. Hindi pansinin.
    b. Sabihing pumunta sa kapitbahay.
    c. Turuang maghanapbuhay.
    d. Bigyan ng pagkain.
2. Biglang dumating ang ulan habang naglalakad kayo ng iyong kaklase pauwi. Napansin mong wala siyang dalang payong. Ano ang nararapat mong gawin?
    a. Hayaan siyang maglakad sa ulan.
    b. Samahan siyang hintaying huminto ang ulan.
    c. Anyayahan siyang makisukobsa iyong payong.
    d. Iwanan siya sa daan.
3. Paano mo maipapakita ang iyong pakikiisa sa mga nasasalanta ng bagyo at iba pang sakuna?
    a. Magbigay ng card na naglalaman ng pakikiramay.
    b. Magbigay ng mga bagay na magagamit nila.
    c. Hayaan lang silang magdusa.
    d. Magtago upang hindi mahingan ng tulong.

4. Ano ang pinakamabuting gawin sa bilang pasasalamat sa Panginoon na ibinigay niyang buhay sa iyo?
    a. Alagaan ang sarili at maging mabuting bata.
    b. Magsimba araw araw.
    c. Kumain ng marami.
    d. Mamigay ng regalo araw araw.
5. Nakasanayan na ni Kris Ann na may handa sa kanyang kaarawan ngunit hindi ito nangyari sa taong ito dahil nagkasakit ang kanyang kapatid. Ano ang nararapat niyang gawin?
    a. Magsungit sa kanyang mga magulang.
    b. Awayin ang kanyang kapatid.
    c. Intindihin ang sitwasyon at magpasalamat sa Panginoon sa kanyang buhay.
    d. Magmukmok buong araw.
6. Alin ang isang magandang halimbawa ng pagdiriwang ng kaarawan?
    a. Mamili ng maraming kagamitan.
    b. Mamasyal sa parke.
    c. Magpaparty buong araw.
    d. Magsimba at mamahagi ng mga biyaya sa mga kapuspalad.
7. Ano ang mabuting gawin kapag nag-aaway ang iyong mga kapatid?
    a. Kampihan ang bunsong kapatid.
    b. Hayaan silang mag-aaway.
    c. Buwagin at ayusin ang sitwasyon.
    d. Isumbong sa pulis.
8. Araw ng inyong pagsamba, ngunit inaanyayahan ka ng iyong kaibigan na maligo sa dagat. Alin sa mga sumusunod ang tama mong gawin?
    a. Sumama at hindi magpaalam sa mga magulang.
    b. Tanggihan at ipaliwanag ang dahilan.
    c. Iwasan ang kaibigan.
    d. Sigawan at pangaralan ang iyong kaibigan.
9. May isang Muslim na nabugbog at humingi ng tulong sa daan. Ano ang nararapat mong gawin?
    a. Hayaan siya dahil hindi mo siya kasamahan.
    b. Huminto at ibigay ang nararapat na tulong.
    c. Humanap ng ibang Muslim upang tutulong sa kanya.
    d. Tumakbo at hayaan siyang mamatay.
10. Ano ang dapat nating gawin sa ating kapwa ayon sa Gintong Kautusan?
    a. Gumawa ng mabuti.
    b. Bigyan sila ng sakit sa ulo.
    c. Hindi sila pakialaman.
    d. Hayaan ang kapwa na magdusa.

| Unang Leksyon | Pananagutang Pansarili at Pangyayari |
|---|---|



## Balikan:

Sa nakaraang aralin ay natutunan ninyo ang kahalagahan ng pagsasabi ng katotohan at pagiging matapat. Ayon sa kasabihan “Honesty is the best policy”. Isang napakagandang asal na dapat ay hindi mawawala sa isang batang tulad mo. Mas magiging maganda ang isang samahan kung may matapat na pag-sasama. Ika nga “Ang pagsasama ng tapat ay pagsasama ng maluwag”. Ugaliin na magsabi ng totoo sa lahat ng oras.

Panuto: Sagutin ang bawat tanong:

1. Ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay nakasira ng anumang bagay na hindi mo sinasadya?
2. Ano ang nararamdaman mo kung ikaw at pinagbibintangang nakasira ng anumang bagay?
3. Bakit kailangang mag sabi ng katotohanan kahit anong mangyari?
4. Kung ikaw ay nakasira ng anumang gamit na hindi mo sinasadya, sasabihin mo ba ang katotohanan? Bakit?



## Tuklasin:

Basahin ang kwento. Tingnan kung ano ang naging dahilan sa suliraning naranasan ng mga mag-aaral. Alamin din ang kahalagahan ng mapanuring pag-iisip sa paggawa ng pasiya.

### Ang Pasiya ni Isko

Masaya ang mag-aaral ni Gng.Lazatin.Lahat ay masiglang nagsasalita tungkol sa outing ng klase.Dahil hindi pa sila nakapagpasiya kung saan pupunta,nagbigay sila ng ilang mungkahi.

Limang pangkat ang bumubuo sa klase.Iminungkahi ni Isko. Isa sa mga lider ng pangkat,na mag-camping sa tabing dagat.
Nagmungkahi naman ang isang pangkat na pumunta sa isang museo. Gayunpaman, bumuto at sumang-ayon sila na sa tabing-dagat pumunta.

Nang dumating sa tabing dagat ang klase, nagbilin si Gng.Lazatin sa mga mag-aaral na huwag lumayo sa kanilang kubo at walang hihiwalay sa kanilang pangkat.

Nang sumunod na araw maagang-maaga pa ay nasa paaralan na ang mga mag-aaral. Maaga ding dumating si Gng. Lazatin.Inihanda nila ang mga bagay na kinakailanganin nila. Isang pangkat ang inatasang maghanda ng mga palaro para sa lahat. Nagdala sila ng mga bola, lubid, at sungka.

Nagsimula na ang masasayang gawain. May naglalaro ng sungka, patintero, volleyball at hilahan(tag-of-war). Masayang-masaya ang lahat ng biglang sumigaw ang ilang mag-aaral.Napatingin si Isko sa gawi ng dagat kung saan nagmula ang sigaw.

Nakita niya ang ilang sa kanilang kamag-aral na nakasakay sa isang bangkana dahang-dahang tinangay ng alon palayo sa pampang. Ito ang mga mag-aaral na palihim na kinalag sa pagkakatali ang Bangka. Nagsisigaw ang mga bata sa takot. Kaagad nag-utos si Gng. Lazatin sa ilang kamag-aral na humingi ng tulong sa mga taong nakatira sa malapit. Samantala, naisip ni Isko na maaaring biglang itaboy ng alon ang Bangka palayo sa dalampasigan. Maaari ring itaob iyon ng alon. Nasa panganib ang buhay ng kaniyang mga kamag-aral.

Kaagad tinawag ni Isko si Kuya Marvin, ang lifeguard sa nasabing resort. Tinulungan niyang itali ang mga lubid na ginamit nila sa larong hilahan, tumulong din ang iba pang kamag-aral. Itinali nila ang kabilang dulo ng lubid sa puno ng niyog. Iyon ang ginamit ni Kuya Marvin sa pagsagip sa mga bata.Hinanap ni Kuya Marvin ang dulo ng tali na natanggal sa bangka,pinagdugtong ang itinali nilang lubid at lumangoy pabalik sa pampang.

Kung hindi agad nakapagpasiya si Isko na gawin iyon,baka naitaboy ng palayo ng alon sa gitna ng dagat ang mga kamag-aral niya.
Kaagad ding gumawa ng paraan at humingi ng tulong si Gng.Lazatin sa mga namumuno sa barangay.Pinaaalahanan din niya ang iba pang mga bata na bantayan ang isa’t isa at huwag pumunta sa dagat.

Dumating ang kapitan ng barangay kasama ang mga magulang ng iba pang mag-aaral.Kinausap sila ni Gng. Lazatin tungkol sa nangyari.

Bago umalis kinausap ni Gng.Lazatin ang kanyang mga mag-aaral. Binigyang babala niya sila na hindi magandang pasiya ang pagsakay nila sa bangka. Inilagay nila sa panganib ang kanilang buhay at pinag-alala nila ang buong tao.”Sa katunayan, si Isko lamang ang nakagawa ng tamang pasiya nang araw na iyon,” sabi ng guro.Sumang-ayon ang lahat ng mag-aaral at nagpalakpakan. Pinagsabihan ang lahat na ayusin na ang kanilang mga gamit at humanda na sa pag-uwi.

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa iyong sagutang papel.**

1. Ano ang kailangan pagpasiyahan ng klase ni Gng. Lazatin?
2. Ano ang pasiyang ginawa ng mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong?
3. Naging maingat ba Isko sa kaniyang pagpapasiyang tumulong?
4. Sa mga pagkakataong kinakailangan mong magpasiya, ano-ano ang dapat mong isaalang-alang?
5. Nagkaroon ka rin ba ng katulad na karanasan kung saan kinakailangan mong gumawa ng isang desisyon na nangangailangan ng mapanuring pag-iisip upang makagawa ng tamang pagpapasiya? Isalaysay.



## Suriin:

May mga hakbang na maari nating himayin sa paggawa ng wastong pasya o mabuting pagpapasya.

**Sundin ang mga sumusunod na hakbang:**

1. **Magkalap ng kaalaman**. Ang pagiging tama o mali ng isang pagpapasiya ay nakasalalay sa mga katotohanan.Maaaring humingi ka ng opinion sa mga taong nakaalam at mayroong sapat na karanasan tungkol sa mga bagay naiyong pinagninilayan.

2. **Magnilay sa mismong aksiyon**
   - kailangan mong suriin ang uri ng aksiyon
   - mahalagang tanungin mo rin ang iyong sarili kung ano ba talaga ang iyong hangarin sa iyong isasagawang aksiyon
   - mahalagang tingnan din ang mga pangyayaring may kaugnayansa aksiyon
   - hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasya
   - tayain ang damdamin sa napiling isasagawang pasiya
   - pag-aralang mabuti ang pasiya

Ang **mapanuring-pag-iisip** ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kaalaman sa suliranin, pagtitimbang ng mga maaaring gawin, at pagpili nangpinakamabuti bago bumuo ng isang pasiya.

**Halimbawa:**

Ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanan

Gabay

Tamang Pagpasiya

Tamang direksiyon sa buhay



## Pagyamanin:

Dumating na ba sa iyong buhay ang pagkakataon na kinailangan mong mamili sa pagitan ng mga bagay na may halaga sa iyo?Ano ang iyong maging damdamin tungkol dito?Ano ang iyong ginawa? Ibahagi ang iyong naging karanasan gamit ang pormat sa ibaba.

Buod ng sitwasyon

Sasama sa isang kaklase na mag-cutting classes.

Mga pagpipilian

Hakbang na ginawa

________________

________________

Ang maging pasiya

________________

Bakit ito ang napili?

________________

Naging bunga ng ginawang pagpapasiya.

________________

Mahalagang aral na napulot mo sa karanasan.

________________

**Sagutin ang mga tanong:**


1. Balikan mo ang isang mabigat na sitwasyon kung saan kinakailangan mong magsagawa ng pagpapasya sa mga nagdaang taon.(hal. sasama sa isang kaklase na mag- cutting classes)
2. Ano-ano ang iyong pagpipilian?
3. Ano ang iyong ginawa bago nagsagawa ng pagpapasya?
4. Ano ang iyong naging pasya?
5. Ipaliwanag ang naging bunga ng iyong pasiya?
6. Isulat ang pinakamagandang –aral na iyong nakuha mula sa iyong karanasan

## Gawain 2:

May mga pangyayaring hindi natin maiwasan na kailangan nating gumawa ng agarang pagpapasiya. Subukin ang iyong kakayahan na magpasiya sa mga sitwasyon na katulad ng nasa ibaba. Sundin ang pormat at gawin ito sa sagutang papel.

**Pagpipilian 1**

Sitwasyon




**Pagpipilian 2**

Sagutin:

1.Ano ang naging pagpapasya sa mga ibinigay na sitwasyon?

________________________________________

2. Bakit mo ito pinili?.

3. Naging bunga ng ginawang pasiya.

________________________________________

4.Mahalagang aral na napulot


________________________________________

Nagawa mo ba? Nasagot mo ang mga katanungan?


**Gawain 3**

**Panuto: Gawin ito sa papel**

1. Sitwasyon




2. Sitwasyon




**Sagutin:**

1. Ano ang naging pagpapasiya mo sa mga ibinigay na sitwasyon?
   a.______________________________________________
   b.______________________________________________
2. Bakit mo ito pinili?
   a.______________________________________________
   b.______________________________________________
3. Naging bunga sa ginawang pasiya
   a.______________________________________________
   b.______________________________________________
4. Mahalagang aral na napulot
   a.______________________________________________
   b.______________________________________________



## Isaisip:

Ang **mapanuring-pag-iisip** ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kaalaman sa suliranin, pagtitimbang ng mga maaaring gawin, at pagpili nang pinakamabuti bagobumuo ng isang pasiya.

**Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel ang sagot.**

1. Bakit kailangang suriin ang mga pangyayari?
2. Naisagawa mo ba ang mga hakbang sa pagbuo ng mahusay na pasiya?
3. Ano-ano ang ibinubunga ng mahusay na pagpapasya sa iyo,sa ibang tao at sa pamayanan?



## Isagawa:

**Panuto:** Basahin ang sitwasyon, gumawa ng matalinong pagpapasya. Sagutin ang mga tanong sa bawat bilang na naaayon sa sitwasyon gamit ang tsart sa ibaba bilang gabay.

1. Nakapulot ka ng pitaka , nang iyong buksan ay may laman itong pera at I.D. ng may-ari.

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| Ano ang tiyak na problema na kailangang malutas? | |
| Magbigay ng solusyon | |
| Timbangin ang solusyong ibigay. Isulat ang mabuti at di-mabuting epekto nito. | |
| Paano mo ipapakita ang paninindigan mo sa iyong pasiya? | |



## Tayahin:

**Panuto:** Buuinang bawat pangungusap . Isulat sa sagutang papel ang iyong tamang sagot.Piliin ang letra lamang.

1. Naipapakita ang pakikipagtulungan sa_______
   a. hindi paggawa sa napagkasunduan
   b. pagtatrabaho kasama ang iba tungo sa isang layunin
   c. hindi pagsasabi ng kahit ano ngunit magkimkim ng sama ng loob sa ibang miyembro ng pangkat
   d. pagpipilit na gawin kung ano ang tama sa kaniyang isip kahit hindi sang-ayon ang iba pang miyembro

2. Naglitson ang Tatay mo sa iyong kaarawan. Isa sa mga kaibigan mong dumalo ay hindi kumakain ng baboy dahil labag ito sa kanilang pananampalataya. Ano ang gagawin mo?
   a. Pilitin siyang kumain ng baboy.
   b. Pauwiin ang kaibigan.
   c. Maghanap ng pagkaing makain ng iyong kaibigan.
   d. Pagsabihan siyang hindi na dumalo sa susunod na kaarawan.

3. Napadaan kayo ng iyong mga kaibigan sa simbahan ng Iglesia ni Cristo habang sila ay nagsasamba. Ano ang nararapat ninyong gawin?
   a. Sumigaw ng malakas.
   b. Tumahimik
   c. Lumuhod sa harap ng simbahan.
   d. Sumilip at alamin ang kanilang ginagawa.

4. Binigyan kayo ng takdang-araling ng inyong guro. Napagod ka sa kalalaro. Ano ang gagawin mo?
   a. Ipagawa sa Kuya ang takdang-aralin.
   b. Magpahinga sandali at gawin ang takdang-aralin.
   c. Hindi gawin ang takdang-aralin.
   d. Liliban sa klase kinabukasan.

5. Kaarawan ng kaibigan mo. Iniimbitahan kang sumama sa kanila sa pamamasyal sa ibang pook. Ano ang gagawin mo?
   a. Lumiban sa klase at sumama sa kanila.
   b. Hindi ipagpalit ang pagpasok sa klase sa pamamasyal.
   c. Yayain nalang na maglaro ang kaibigan imbis na mamasyal.
   d. Utusan ang kaibigan na magpakain sa lahat ng kaklase.

6. Palaging nagnanakaw ang iyong kaklase ng pagkain dahil gutom siya. Paano mo siya matutulungang huminto sa pagnanakaw?
    a. Ipaliwanag na masama ang kanyang ginagawa at ipamahagi ang iyong baon.
    b. Hayaan siyang magnakaw.
    c. Isumbong sa pulis.
    d. Ipagdasal na may magbigay ng pagkain sa kanya.

7. Natalo ang inyong grupo sa paligsahan sa pagsayaw.Ano ang dapat ninyong gawin bilang ikaw lider ng grupo?

    a. Nagpasya kang ibahin ang miyembro ng inyong grupo.
    b. Nagpasya kang tanggalin ang mga miyembrong di-gaanong marunong sumayaw.
    c. Nagpasya kang mag-ensayo pang mabuti ang bawat miyembro upangmanalo sa susunod na paligsahan.
    d. Magsa walang kibo na lang.

8. Nakita mo ang lalaking nagtatapon ng basura sa ilog na nakalalason sa mga isda at naninirahan malapit ditto. Namukhaan mo ito at pinaghahanap ito ng mga opisyal ng barangay. Ano ang pasya mo?

    a. Ituturo ko ang lalaking ito sa mga opisyal ng barangay.
    b. Hindi koi to pakikialaman sapagkat malayo naman ako sa ilog.
    c. Mananahimik ako kahit alam ko sapagkat baka ako ang balikan ng lalaki.
    d. Magtatago ako ,hindi ako lalabas kung may darating ang opisyal ng barangay.

9. Apat na tinapay na lamang ang natira sa mesa. Gutom na gutom ka at napansin mong gayon din ang apat mo pang mga kapatid .Ano ang pasya mo?
    a. Hahati-hatiin ko ang tinapay upang makakain ang lahat.
    b. Kakainin ko ang isa sapagkat di naman nila alam at hahati-hatiin ko ang tatlo pang natitira para sa aming lahat.
    c. Itatago ko na lamang ang tinapay upang magkainggitan ang bawat isa.
    d. Itago ko lahat ang tinapay.

10. Sunud-sunod ang nawawalang gamit sa iyong silid-aralan. Kilala mo ang kumuha nito at ito ay isa sa mga kaibigan mo. Nagagalit na ang guro at kung hindi pa aamin ang gumagawa nito ay pare-pareho silang mapaparusahan. Ano ang pasya mo?
    a. Tatahimik na lamang ako sapagkat baka magalit sa akin ang aking kaibigan.
    b. Kakausapin ko ang aking kaibigan at sasabihin kong ibalik na ang mga kinuhang gamit na palihim.
    c. Kakausapin ko ang guro at sasabihin kong alam ko kung sino ang kumukuha ng mga gamit sa silid-aralan.
    d. Umuwi ako agad kung magsimulang magtanong ang guro.



## Karagdagang Gawain:

Panahon na para magsulat ka ng iyong pahayag ng layunin sa buhay. Gamitin ang mga natutunan sa pagbuo nito. Isulat ang iyong layunin sa buhay sa post-it at idikit ito sa iyong salamin o sa lugar na araw-araw mong tinitingnan.

## Susi sa Pagwawasto:

**Subukin**

1. D
2. C
3. B
4. A
5. C
6. D
7. C
8. B
9. A
10. C

**Tuklasin**

1. Huwag lumayo sa kanilang kubo at walang hihiwalay sa kanilang pangkat.
2. Nagsisigaw ang mga bata
3. Naging maingat siya dahil, kaagad tinawag ni Isko ang lifeguard sa tabing iresort. Hindi siya agad tumalon sa dagat.
4. Kailangang suriing mabuti ang pangyayari saka umaksiyon
5. (maaaring magka-iba ang pahayag

**TAYAHIN:**

1. B
2. C
3. B
4. B
5. B
6. A
7. C
8. B
9. A
10. C

**Gawain 2**

Maaaring magkaiba ang mga pahayag

**Gawin Mo**

Maaaring magkaiba ang mga pahayag

## Mga Sanggunian:

MELCS: CODE ESP6PKP-lai-37
Book: Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6
Zenaida R.Ylarde
Gloria A. Peralta, EdD